| | |
|---|---|
| **LESSON PLAN**<br>***Banghay-aralin*** | Topic and Targeted Takeaways to Learn About and Retain<br>*Paksa at Inaasintang mga Matututunan at Maalala ng Mag-aaral* |
| **Week 4 Topic**<br>***Paksa ng Linggo*** | Societal Progress under Human Rule<br>*Pag-unlad ng Lipunan sa Dominyo ng Tao* |
| **Main Question**<br>***Susi na Tanong*** | Are humans more important than other Species?<br>*Mas sulit ba ang buhay ng tao kumpara sa ibang buhay?* |
| **Key Learnings**<br>***Dapat Magagap*** | 1. Ten million species, all in one planet.<br>*Sampung milyong species, isang planeta.*<br>2. All species are affected by climatic changes.<br>*Lahat ng buhay apektado sa pagbabago ng klima.*<br>3. Species and their habitats are known to survive, diversify, and evolve sustainably without humans.<br>*Ang mga likas na lugar na hindi pinakikialaman ng tao kitang mas napananatiling mayabong ng mga tagarito.* |

NOTES | REFERENCES | SOURCES | TASKS

Mga Kagamitan:

**a**. Projector/TV
**b**. Laptop/Computer
**c**. Speaker
**d**. Societrix Tactile and Manipulative Tools

**Contextualized Activities Balete, Aklan**

Paunang mga Gawain:

**a**. Panalangin
**b**. Pag-tsek ng Attendance
**c**. Thought of the Day
**d**. Pampasigla

Sources:

https://www.youtube.com/watch?v=EGJhY8iDbJ8
https://a-river-called-jal-o.blogspot.com/2011/01/jal-o-river.html
societrix.com



I. Animating the Affective Senses and Sustaining the Recollection of Learning
*Pagpupukaw ng Pakiramdam at Malaunang Pagpapatimo sa Alaala ng Napag-aralan*

## *Kanlungan*

ROM DONGETO | NOEL CABANGON

Awitalakayan
DOWNLOAD TOPIC SONG

societrix.com/exemplars/04

*Panapanahon ang pagkakataon*
*Maibabalik ba ang kahapon*

*Natatandaan mo pa ba*
*Nang tayong dalawa*
*ay unang magkita*
*Panahon ng kamusmusan*
*Sa piling ng mga bulaklak at halaman*
*Doon tayo nagsimulang*
*Mangarap at tumula*

*Natatandaan mo pa ba*
*Inukit kong puso sa punong mangga*
*At ang inalay mong gumamela*
*Magkahawak-kamay sa dalampasigan*
*Malayang tulad ng mga ibon*
*Ang gunita ng ating kahapon*

*Ang mga puno't halaman*
*Ay kabiyak ng ating gunita*
*Sa paglipas ng panahon*
*Bakit kailangan ding lumisan*

*Panapanahon ang pagkakataon*
*Maibabalik ba ang kahapon*

*Ngayong ikaw ay nagbalik*
*At tulad ko rin ang iyong pananabik*
*Makita ang dating kanlungan*
*Tahanan ng ating tula at pangarap*
*Ngayon ay naglaho na*
*Saan hahanapin pa*

*Lumilipas ang panahon*
*Kabiyak ng ating gunita*
*Ang mga puno't halaman*
*Bakit kailangang lumisan*

*Panapanahon ang pagkakataon*
*Maibabalik ba ang kahapon*

AFFECTIVE CLASS EXERCISES

**Gawain 1. Awit at Talakayan: "Kanlungan" Memory Sharing**

Pagkatapos pakinggan ang kantang "Kanlungan", sagutin ang mga sumusunod na pamprosesong mga tanong.

**Pamprosesong mga Tanong**

1. Ano ang naramdaman ninyo habang pinapakinggan ang kanta? Anong mga alaala sa inyong pagkabata ang naalala ninyo na konektado sa kalikasan?
2. Sa kanta, "Inukit kong puso sa punong mangga... Ang mga puno't halaman ay kabiyak ng ating gunita". Anong lugar sa Balete ang masasabi ninyong "kanlungan" na may mahalagang alaala para sa inyo?
3. Kung ang "kanlungan" na iyon ay mawawala, ano ang mararamdaman ninyo? Bakit?

## II. Engaging the Cognitive Faculties through Critical Freewheeling Exchange of Inquiries, Suppositions, Information, and Opinions

*Pag-uudyok ng Kaisipan sa pamamagitan ng Mapanuri at Malayang Pagpapalitan ng mga Pagpapalagay, Katanungan, Kuro-kuro, at Kaalaman*

Climate

societrix.com/eigen/climate

Habitat

societrix.com/eigen/habitat

COGNITIVE CLASS EXERCISES

**Diskusyon para sa Guro:**

Tatalakayin ang "**Sampung milyong species**" sa isang planeta, at tayong lahat ay apektado ng pagbabago ng klima. Ito ay nagpapakita na tayo ay hindi nag-iisa sa mundong ito; tayo ay bahagi lamang ng isang malaking sistema. Kung masisira ang kalikasan, damay tayong lahat.

**Sa Pang-Pang it Jae-O/Jal-O**

Ang Ilog Jal-o ay isang maliit ngunit mahalagang ilog sa Balete, Aklan. Dumadaloy ito sa bayan at pangunahing pinagkukunan para sa mga lokal na komunidad, na nagbibigay ng tubig para sa pagsasaka, paglalaba, at iba pang pang-araw-araw na pangangailangan. Mahalaga ito sa ekonomiya, lalo na para sa agrikultura, dahil ginagamit ng mga magsasaka ang tubig nito sa pagtutubig ng kanilang mga palayan at iba pang pananim. Ang ilog ay mahalaga sa buhay ng mga tao sa Balete.

Maliban sa pagsasaka, ginagamit din itong lugar para maligo, maglaba, at iba pang gawain sa araw-araw. Ang ilog ay tirahan din ng iba't ibang hayop at isda na nakakatulong sa kabuhayan ng mga tao sa Balete. Ang Ilog Jal-o ay may iba't ibang klase ng hayop at isda. Karaniwang nahuhuli dito ang mga iba't ibang uri ng isdang-tabang na ginagawang pagkain. Sa paligid ng ilog, makikita rin ang iba't ibang ibon at hayop na kumakain ng mga isda o di kaya ay umiinom ng tubig. Mayroon ding mga palaka at maliliit na ahas na naninirahan sa mga halaman sa tabi ng ilog.



## III. Employing Physical Activities, Tactile Tools and Manipulatives to enhance Absorption and Internalization of the Subject and Key Learnings


*Paggalaw ng Katawan at Paggamit ng mga Aparatong Nabubusisi't Nahahawakan upang mapaigi ang Pagnguya at Pagsaloob ng Paksa at Kaakibat na Aral*

EIGEN | Elements of Ecology

*Five Key Ecological Considerations*

Virtual Eigen

societrix.com/ virtual.eigen




PHYSICAL AND TACTILE CLASS EXERCISES

**Gawain 3. *Societrix Model:* EIGEN | Elements of Ecology**:

Gamitin ang "Eigen" model para mas maipakita ang "Five Key Ecological Considerations" (Species Diversity, Climate Stability, Habitat Livability, Adaptability, Conservation and Sufficiency).

**Pamprosesong mga Tanong:**

1. Paano direktang nakakaapekto ang pagbabago sa kalidad ng tirahan o habitat ng mga hayop sa kakayahan nilang mabuhay sa isang lugar?
2. Sa anong mga paraan nakakaapekto ang pagbabago ng klima sa katatagan ng isang ecosystem, at bakit mahalaga ang katatagan na ito para sa pagpapanatili ng buhay sa mundo?
3. Bilang isang mag-aaral, paano ka makakatulong sa pagpapanatili ng kalusugan ng isang partikular na habitat, na makakatulong din sa pagpapabuti ng pangkalahatang klima at katatagan ng ating kapaligiran?

COGNITIVE CLASS EXERCISES

**Pamprosesong mga Tanong:**

1. Bilang isang residente ng Balete, paano mo maipapakita ang iyong responsibilidad sa pagprotekta at pangangalaga sa Ilog Jal-o?
2. Anu-ano ang mga posibleng mangyari sa kabuhayan at kalikasan ng Balete kung hindi aalagaan ang Ilog Jal-o?
3. Paano mo mahihikayat ang iyong mga kabarangay na magtulungan upang mapanatili ang kalinisan at kasaganahan ng ilog para sa mga susunod pang mga henerasyon?

**Pag-isipan ang mga sumusunod na ideya:**

- Interdependence (Pagkakaugnay): Paano umaasa ang mga tao sa mga halaman (para sa pagkain at hangin) at hayop (para sa pagkain at paggawa)?
- Epekto ng Pag-unlad: Ang "pag-unlad" na dulot ng tao (tulad ng mga kalsada, gusali, bagong teknolohiya) ay minsan nagdudulot ng "pagkasira ng mundo".
- Moral na Obligasyon: Kung ang mga tao ang "nangingibabaw," ano ang ating responsibilidad sa iba pang species at sa planeta?

**Gawain 2. *I-litsahan!* (Debate sa klase):**

**Pangkatang Gawain:** Hatiin ang klase sa apat na pangkat.
Ibigay ang sumusunod na tanong: ***"Mas mahalaga ba ang pangangailangan ng tao kaysa pangangailangan ng iba pang species?"***

**Mga Panig ng Pangkat:**

**Pangkat 1 (Sang-ayon):** Manindigan na mas mahalaga ang tao, dahil sa ating abanteng teknolohiya at kakayahang mag-isip.

**Pangkat 2 (Di Sang-ayon):** Manindigan na magkapareho ang kahalagahan ng lahat ng species, at may tungkulin ang tao na pangalagaan ang iba.

**Pangkat 3 (Nagbabantay):** Ang "fact-checkers" na maghahanap ng mga ebidensya o datos sa internet (gamit ang cellphone o laptop, kung meron) na sumusuporta sa dalawang panig.

**Pangkat 4 (Tagapagtala):** Mga tagatala ng mga argumento ng bawat panig at magbibigay ng konklusyon base sa talakayan.

**Pagtatalakay:**
Pagkatapos ng maikling pagtatalo, pag-usapan kung anong mga puntos ang mahalaga, at kung mayroon bang gitnang daan o "common ground" na maaaring mahanap.



PHYSICAL AND TACTILE CLASS EXERCISES

**Gawain 4. *Mauno man?*: Krisis sa Balete Biodiversity**

Sa labas ng silid-aralan o sa isang open space, gumawa ng isang malaking square o bilog gamit ang chalk o tali. Ang loob nito ay kumakatawan sa "tirahan" o "habitat" ng mga species sa Balete.

**Gampanin ng Mag-aaral:**

**Mga Halaman:** Ilang mag-aaral ang tatayo sa isang bahagi ng espasyo (hal. puno ng niyog, palay, atbp.).

**Mga Hayop:** Ilang mag-aaral ang kumakatawan sa mga hayop (hal. ibon, isda, insekto).

**Mga Tao:** Ilang mag-aaral ang kumakatawan sa mga tao na may iba't ibang ginagawa (magsasaka, mangingisda, developer, atbp.).

**Simulasyon:**

**Unang Round (Stable Climate):** Ang lahat ay nasa loob ng espasyo at kumikilos nang normal (pagtatanim, paglipad, atbp.).

**Ikalawang Round (Climate Change):** Magbigay ng senaryo: "Nagkaroon ng matinding tagtuyot sa Balete." Unti-unting bawasan ang espasyo ng "tirahan" sa pamamagitan ng pag-urong ng mga chalk line. Pag-usapan kung sinu-sino ang pinaka-apektado.

**Ikatlong Round (Human Impact):** Magdagdag ng senaryo: "Dahil sa pag-unlad, may nagtayo ng gusali o nagputol ng mga puno sa isang bahagi ng Balete." Muling bawasan ang espasyo. Pag-usapan kung paano ito nakakaapekto sa mga hayop at halaman, at sa huli ay sa mga tao na nakatira doon.

## IV. **Active Integration** | Content Creation for popularizing Citizens' Concerns
***Aktibong Paghahabi*** | *Paglikha ng Mensaheng may Pakialam sa mga Mamamayan*

Ang magagara na asenso
Ay kagagawan ng tao
Ang pagkasira ng mundo
Ay kagagawan ng tao

*The sheer ingenuity*
*Thanks to humanity*
*The senseless hostility*
*Thanks to humanity*

INTEGRATIVE CREATIVE CONTENT ADVOCACY CLASS EXERCISES

**Gawain 5. Balete: Pag-unlad na May Puso:**

Pangkatin ang mga mag-aaral.
Bawat grupo ay bibigyan ng "output" na dapat nilang likhain:

**Group 1: Slogan/Tula:** Lumikha ng isang maikling slogan o tula na nagpapahayag ng pagmamahal sa kalikasan ng Balete at nagpapaalala na ang pag-unlad ay dapat na may kasamang pangangalaga.

**Group 2: "Before & After" Poster:** Gumawa ng dalawang drawing o collage. Ang isa ay nagpapakita ng isang lugar sa Balete (hal. ilog, bukirin) na mayaman at malusog ang kalikasan. Ang ikalawa ay nagpapakita ng lugar na iyon na nasira dahil sa "pag-unlad" na walang pangangalaga.

**Group 3: Short Skit o Role-play:** Magsagawa ng maikling dula-dulaan na nagpapakita ng isang sitwasyon sa Balete kung saan nagtatalo ang mga tao dahil sa isyu ng kalikasan at pag-unlad. Ipakita sa dula ang kahalagahan ng pag-uusap at paghahanap ng solusyon na makatarungan para sa tao at sa kalikasan.

***Ibahagi ang mga nalikhang "output" sa klase at iba pang mga mag-aaral. Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng puna at papuri sa bawat grupo.***



## V. Process and Impact Assessments from the views of Teachers and Students
*Pagtatasa ng Proseso at Epekto batay sa tingin at danas ng mga Guro at Mag-aaral*

| KEY ASSESSMENT INDICATORS | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **AFFECTIVE** : Feelings over the Subject<br>*Pagdama sa Paksang Pinag-aaralan* | Numb<br>*Namanhid*<br>1 | Disdainful<br>*Nangutya*<br>2 | Affected<br>*Nabagbag*<br>3 | Hopeful<br>*Nag-alab*<br>4 | Shaken<br>*Nayanig*<br>5 |
| **COGNITIVE** : Thoughtful Consideration<br>*Pagsasa-isip ng Usaping Tinatalakay* | Falsehood<br>*Bulaan*<br>1 | Irrational<br>*Baligho*<br>2 | Mindful<br>*Mapagtanto*<br>3 | Thorough<br>*Mabusisi*<br>4 | Analytic<br>*Mapanuri*<br>5 |
| **PHYSICAL** : Participation in Activities<br>*Paglahok sa mga Pisikal na Aktibidad* | Unwilling<br>*Umiiwas*<br>1 | Hesitant<br>*Atubili*<br>2 | Cooperative<br>*Sumasali*<br>3 | Involved<br>*Ganado*<br>4 | Animated<br>*Bibo*<br>5 |
| **APPLIED** : Creative Content Advocacy<br>*Pagbabahagi ng Natutunan sa Klase* | Negligent<br>*Pabaya*<br>1 | Wanting<br>*Kulang*<br>2 | Compliant<br>*Bastante*<br>3 | Consistent<br>*Palagi*<br>4 | Persistent<br>*Pursigido*<br>5 |
| **PROCESS** : Generating Joy in Learning<br>*Paglinang ng Kasiyahan sa Pagkatuto* | Annoyed<br>*Nayayamot*<br>1 | Bored<br>*Nababagot*<br>2 | Content<br>*Kampante*<br>3 | Eager<br>*Natutuwa*<br>4 | Excited<br>*Nagagalak*<br>5 |

Ang isa pang mahalagang hamon at sukatan ng silbi at pagkakatuto sa mga pinag-aaralan ay kung ito nga ba ay naisasapraktika sa aktwal nila na buhay. Kung ang pagkakaiba-iba (diversity) ay mga buto at bunga ng impormasyon (information), mayrong kongkretong katuturan ang mga lumilikha ng mensahe (content creators) sa pag-unlad at paglawak ng karunungang-bayan (pedagogies) at pagpapalaganap ng kamulatan ng mga Mamamayan.

The goal of Education is not to breed more passive absorbers of prescription knowledge, but raise active organic creators and propagators of alternative public social awareness.

TEACHER'S ADAPTIVE NOTES | INNOVATIVE WAYS FORWARD